Walang umupong mga tao sa isang pagtitipon, na hindi sila nag-alaala kay Allāh roon at hindi sila dumalangin ng basbas para sa Propeta nila, malibang may magiging ukol sa kanila na isang hinagpis. Kung loloobin Niya, pagdurusahin Niya sila; at kung loloobin Niya, patatawarin Niya sila."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Walang umupong mga tao sa isang pagtitipon, na hindi sila nag-alaala kay Allāh roon at hindi sila dumalangin ng basbas para sa Propeta nila, malibang may magiging ukol sa kanila na isang hinagpis. Kung loloobin Niya, pagdurusahin Niya sila; at kung loloobin Niya, patatawarin Niya sila."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, at Imām An-Nasā'īy sa Al-Kubrā]

Nagbigay-babala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pagkalingat sa pag-alaala kay Allāh at na walang naupong mga tao sa isang pagtitipon at hindi nag-alaala kay Allāh (napakataas Siya) doon at hindi dumalangin ng basbas sa Sugo Niya (basbasan Niya ito at pangalagaan) malibang ang pagtitipong iyon ay magiging isang panghihinayang sa kanila, isang pagsisisi, isang kalugihan, at isang kakulangan sa Araw ng Pagbangon. Kung loloobin Niya, pagdurusahin Niya sila sa mga pagkakasala nilang nauna at mga pagkukulang nilang susunod; at kung loloobin Niya, patatawarin Niya sila bilang kabutihang-loob mula sa Kanya at bilang awa.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee